# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Environment and Natural Resources Officer, Bureau of Lands sa Los Baños, Laguna na masukat (re-survey) ang lagay ng lupa na matatagpuan sa likod ng Rural Bank of Santa Rosa at karatig ng Ilog Bungo.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***********

KAUTUSANG BAYAN BLG. XVI-'93 (16)
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LIMANG LIBONG PISO (₱5,000.00) upang iukol sa gastusin ng pagsusukat ng lupang karatig ng Ilog Bungo at nasasa likod ng Rural Bank of Santa Rosa, Laguna para sa pagkikilanlan ng pagmamay-ari nito.

IPINASIYA din na kunin ang nabanggit na halaga sa "Surplus of 1992 Budget".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED
RESOLUTION No. 308-'93
PROVINCIAL BOARD
Hunyo 23, 1993

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

*************

KAPASIYAHAN BLG. 35-'93
(Sa mungkahi Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

ANG KAPASIYAHAN

na nagtitibay ng pagbibigay ng LABING LIMANG-ARAW-(15 days) na palugit kay Kagawad Nicolas Rivera na maisulit ang kanyang Pinanumpaang Sagot sa Sumbong na isinulit ni Punong-barangay Bienvenido Tan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ERIC T. PUZON, Kagawad
JOSE B. CATINDIG, Jr., Kagawad
ARTURO M. TIONGCO, Kagawad
URBANO J. DIA, Kagawad
RESTITUTO C. ALMODOVAR, Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE, Kagawad
ROGELIO L. LIJAUCO, Kagawad
RUFINO P. TAPANGCO, Kagawad
RAMON G. MARCELO, Kagawad
Ronald Ian A. de Guzman
RONALD IAN A. DE GUZMAN, Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Hinggil naman sa kahilingan ni G. Eduardo Ventura na mapigil ang pagpapalit-gamit ng Lote. Blg. 1763 na matatagpuan sa Barangay Pulong Sta. Cruz ay ipinagpaliban at sa halip at anyayahan sa pulong ang humihiling.

*********

May kinalaman sa pagkakaloob ng pamamahala ng perya para sa pagdiriwang ng Kapistahan ng bayan sa Abril ay pinagpasiyahan ng kapulungan na atasan ang lupong pinangunguluhan ni Kag. Catindig at Kag. Tiongco upang siyang mag-aral at magbalangkas kung kinakailangan ng bagong alituntunin sa pagkakaloob ng pangangasiwa, na isusulit sa susunod na pulong.

**********

Ang panukala ng Pinuno ng Himpilan ng Pulisya na magtibay ng Kautusang may kinalaman sa curfew ay iniliwat sa Lupon ng Peace and Order para sa kaukulang pag-aaral at panukala sa susunod na pulong.

**********

May kinalaman sa kahilingan na magkaroon ng karagdagang poso sa pambayang libingan ay iminungkahi ni Kag. Bustamante na hilingin sa Tanggapan ng Pambayang Inhinyero na maghanda ng programa hinggil dito at hilingin ang pagtitibay ng Punong-bayan.

***********

Hinggil naman sa Kapasiyahang Pambarangay Blg. 05-'93 ng Barangay Malitlit na humihiling sa Sangguniang Bayan ng pagpapa-ayos ng pritil o sala ay iminungkahi ni Kag. Tapangco na iliwat ang kahilingan sa National Irrigation Authority.

***********

Ang mga patakaran naman ng pagtanggap ng mga daan ng subdibisyon ay pinagpasiyahan ding talakayin sa susunod na pagpupulong.

**********

Dahilan sa wala ng iba pang paksang tatalakayin ay ipininid ang pulong sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Marcelo. Ganap na Ika-11:45 ng umaga.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

PATOTOO:
CYNTHIA GOMEZ-MERCADO
Pambayang Kalihim

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

Ronald Ian A. de Guzman
RONALD IAN A.DE GUZMAN
Kagawad